Public Guardian and Trustee of British Columbia

# Ang Pagpasok o Admission sa Care Facility at ang Tungkulin ng Public Guardian and Trustee

Impormasyon para sa mga tagapag-aseso at mga manager na nakikipag-ugnayan sa PGT gayundin sa mga adult o nasa hustong gulang na kung saan ay PGT ang umaakto bilang kapalit na tagapagdesisyon (substitute decision maker)

## Ang pagpasok sa care facility at ang tungkulin ng PGT

Ipinapaliwanag sa polyetong ito ang mga probisyon ng batas sa pagpasok sa care facility alinsunod sa *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* (o Batas sa Pangangalaga sa Kalusugan (Pahintulot) at Pasilidad sa Pangangalaga (Pagpapasok) at mga kaugnay na regulasyon at mga patakaran ng Ministry of Health. Ipinapaliwanag din nito ang tungkulin ng Public Guardian and Trustee (PGT) bilang kapalit na tagapagdesisyon. Ito ay inilaan upang gamitin ng mga tagapag-aseso at mga manager na nakikipag-ugnayan sa PGT pati na sa mga adult kung saan ang PGT ang umaakto bilang kapalit na tagapagdesisyon.

*Ang pangkalahatang panuntunan: Ang mga adult o nasa hustong gulang ay maaari lamang pumasok sa isang lisensyadong care facility (o pasilidad sa pangangalaga) kung mayroon silang pahintulot. Kung sila ay mapatunayang walang-kakayahang magdesisyon, dapat kumuha ng may kaalamang pahintulot mula sa kanilang kapalit na tagapagdesisyon.*

## Ano ang mga dapat malaman ng mga adult, health/social service providers tungkol sa batas

### Pag-apply para makapasok sa care facility

Ang isang adult o isang taong kinatawan ng adult na walang-kakayahan ay maaaring mag-apply para makapasok sa isang care facility sa pamamagitan ng isang manager na nagtatrabaho sa isang regional health authority o isang manager na nagtatrabaho sa isang pribadong care facility.

Alinsunod sa panuntunan ng probinsiya ukol sa **Provincial Long Term Care Access Guidelines** ng mga adult o sinumang kinatawan nila ay maaaring pumili ng hanggang tatlo (at sa ilang kaso, mahigit pa) na gusto nilang pampublikong long term care home o isang pansamantalang care home kapag ang adult ay hindi na ligtas na masusuportahan sa komunidad.

### Anong mga uri ng facility ang kabilang sa batas na ito?

Kabilang dito ang mga sumusunod na lisensyadong facilities:

- mga long term care home;
- mga short term respite care facility o pag-aalaga sa maikling panahon;
- mga hospice;

- mga rehabilitation/convalescent facilities; at
- mga crisis intervention/stabilization, detox, pag-aseso at paggamot o mga residential care services para sa mga adult na may mga sakit sa kaisipan at/o mga nalulong sa mga droga.

### Karapatan ng mga adult na magbigay, tumanggi, o pawalang-saysay ang pahintulot sa pagpasok sa isang care facility

Sa pamamagitan ng angkop na pakikipag-usap at kinakailangang impormasyon at suporta, karamihan sa mga adult ay maaaring gumawa ng kanilang mga sariling desisyon sa pagpasok sa care facility. Ang isang adult ay dapat kausapin muna para sa kanyang mga desisyon. Ang mga adult na may kakayahan pa ay maaari ding magdesisyon na umalis sa care facility.

### Paano kung ang isang adult ay hindi makapagbigay o tumangging magbigay ng pahintulot?

Kung ang manager na may tungkulin para sa pagkuha ng pahintulot ay nag-aalala na ang isang adult ay hindi nauunawaan ang gagawing desisyon, dapat nilang alamin kung ang hukuman ay may itinalagang committee of person para sa adult na ito.

Kung ang adult ay walang itinalagang committee of person, kailangan iaseso ng manager ang kakayahan ng adult. Kung ang resulta ng pag-aseso sa adult ay wala itong kakayahang magbigay o tumanggi sa pahintulot, ang manager ay dapat pumili ng pinakaangkop na taong tagapagsesiyon na kwalipikadong magpasya sa pagpasok sa care facility, ito ay maaaring:

- ang kinatawan ng adult alinsunod sa Seksyon 9 ng *Representation Agreement Act*;
- ang asawa ng adult;
- ang anak ng adult;
- ang magulang ng adult;
- ang kapatid na lalaki o babae ng adult;
- ang lolo o lola ng adult;
- ang apo ng adult;
- o sinumang may kaugnayan sa kapanganakan o adoption ng adult;
- sang matalik na kaibigan ng adult;
- isang tao na may kaugnayan sa adult na ayon sa kasal.

### Upang maging kwalipikado na magdesisyon ukol sa pagpasok sa care facility, ang taong pipiliin ay dapat na:

- hindi bababa sa 19 taong gulang;
- nakikipag-ugnayan sa adult sa loob ng nakaraang 12 buwan;
- walang ‘di pagkakaunawaan sa adult;
- may kakayahang magbigay ng o tumanggi sa kapalit na pahintulot (substitute consent); at
- handang sumunod sa mga tungkulin ng isang kapalit na tagapagdesisyon.

### Ano ang mga tungkulin ng mga kapalit na tagapagdesisyon?

Bago magbigay o tumanggi sa pahintulot sa pagpasok ng isang adult sa care facility (o manatili sa care facility) ay dapat na:

- kumunsulta, o sapat na magsikap na kumunsulta, sa adult at sa sinumang asawa, kaibigan o kamag-anak ng adult na nais tumulong; at
- magdesisyon para sa pinakamabuting kapakanan ng adult.

### Ano ang desisyon na para sa pinakamabuting kapakanan?

Upang matukoy ang pinakamabuting kapakanan ng adult, ang lahat ng kapalit na tagapagdesisyon ay dapat isaalang-alang:

- ang kasalukuyang mga kahilingan ng adult, mga dating kahilingan, mga pinahahalagahan at paniniwala;
- kung ang adult ay makikinabang mula sa pagpasok sa care facility; at
- kung may iba pang paraan maliban sa pagpasok sa care facility o isang ‘di gaanong mahigpit na uri ng pasilidad, ay maaaring angkop na gamitin.

Ang lahat ng mga kapalit na tagapagdesisyon ay may karapatan sa lahat ng impormasyon at mga dokumento na kung saan ang isang adult ay may karapatan. Kailangan ang mga ito upang gumawa ng mahusay na desisyon. Ang isang kapalit na tagapagdesisyon ay maaaring gumawa ng pasya para sa pinakamabuting kapakanan ng adult kahit na hindi sumasang-ayon ang adult.

## Paano kung tinutulan ng adult ang isang determination of incapability o ang pagpapasya na walang-kakayahan nito?

Kung tinutulan ng adult ang resulta ng pag-aseso, maaaring humiling ang adult sa manager ng pangalawang pag-aseso mula sa ibang taga-aseso. Kung ang naunang nag-aseso ay hindi isang duktor o nars, ang pangalawang mag-aaseso ay dapat isang duktor o nars.

Ang adult o ang kinatawan ng adult ay maaaring tumutol sa ginawa ng isang staff ng regional health authority sa pamamagitan ng pakikipag-usap muna sa manager. Ang mga pagreklamo ay mas mahusay na gawin at lutasin sa oras mismo at sa lugar na pinangyarihan nito. Kung ang mga pag-aalala ay hindi pa rin nalulutas matapos na talakayin ang isyu sa manager, maaaring makipag-ugnayan sa naangkop na **Patient Care Quality Office**.

Kung ang adult o ang kinatawan ng adult ay nag-aalala tungkol sa isang bagay na nagaganap sa isang lisensyadong care facility, maaari nilang kontakin ang **Community Care Licensing Officer** na responsable para sa pasilidad na iyon.

Ang Office ng Ombudsperson ay may kapangyarihan na imbestigahan ang mga reklamo na kinasasangkutan ng B.C. provincial public agencies.

## Mayroon bang iba pang mga legal na lunas?

Ang mga sumusunod na indibidwal ay maaari ring mag-apply sa hukuman para sa pagpatnubay o isang kautusan:

- ang kinatawan ng adult o committee of person;
- isang taong pinili bilang kapalit na tagapagdesisyon; o
- isang adult na inaseso na walang-kakayahang magbigay o tumanggi sa pahintulot sa pagpasok sa isang care facility.

Maaaring ipag-utos ng hukuman na:

- iaseso ang kawalang-kakayahan ng adult; at
- kumpirmahin, baligtarin o baguhin ang isang desisyon sa pagpasok sa care facility na ginawa ng sinumang kapalit na tagapagdesisyon.

## Maaari bang ipasok ang isang adult sa care facility sa oras ng emergency?

Ang isang capable o may kakayahang adult ay maaaring magbigay o tumanggi sa pahintulot na pumasok sa care facility sa oras ng emergency.

Kung ang isang adult ay naaseso bilang incapable o walang-kakayahan, maaaring tanggapin ng isang manager ang adult kahit wala itong pahintulot kung kinakailangan para sa kaligtasan ng buhay ng adult, maiwasan ang pinsalang pangkaisipan o pangkatawan o maiwasan ang malubhang pinsala sa sinumang tao. Ang isang manager ay dapat makakuha ng kapalit na pahintulot (o substitute consent) sa loob ng 72 oras.

Kung ang isang adult na hindi humihingi ng tulong ay nasa panganib at dinala ito sa care facility ng staff ng isang itinalagang agency (Regional Health Authority) para protektahan ang adult sa pang-aabuso, pagpapabaya, o sariling pagpapabaya, maaaring tanggapin ng isang manager ang adult na ito nang walang pahintulot. Ang isang manager ay dapat makakuha ng kapalit na pahintulot at kung hindi ito makukumpleto, isang pag-aseso sa kawalang-kakayahan, sa loob ng 72 oras mula nang pumasok.

## Maaari bang umalis ang isang adult sa care facility?

Dapat pahintulutan ng manager ang isang adult na umalis sa pasilidad kung nais nila o nais ng kinatawan nito maliban kung naniniwala ang manager na ang kinatawan o substitute ay maaaring inaabuso o nakapipinsala sa adult.

Kung ang isang adult na naaseso na walang-kakayahan ay nais na umalis sa care facility, kinakailangang humingi ang manager ng pahintulot sa kinatawan para sa patuloy na residence ng adult sa loob ng makatwirang panahon. Hindi ito kinakailangan kung ang adult ay pumasok nang nakaraang 30 araw o may pahintulot para sa patuloy na residence sa loob ng 90 araw.

Kung ang isang adult na naaseso na walang-kakayahan ay nais na umalis sa care facility, at naniniwala ang manager na ang taong nasa pangangalaga ay maaaring may kakayahan nang magbigay o tumanggi sa pahintulot para sa patuloy na residence, ang manager ay dapat na itakda na iaseso ang taong nasa pangangalaga sa loob ng makatuwirang panahon.

### Paano kung walang sinumang tao na maaaring magdesisyon?

Kung walang mapiling tao sa listahan ng mga kapalit na tagapagdesisyon, na nakahanda o kwalipikadong magdesisyon sa pagpasok o pananatili ng adult sa care facility, o mayroong pagtatalo sa pagitan ng magkaranggong mga kapalit kung sino ang pipiliin, kailangang makipag-ugnayan ang manager sa PGT.

## Ano ang mga kailangang malaman ng mga adult, health/social service providers tungkol sa papel ng PGT

### Kailan dapat makipag-ugnayan sa PGT?

Ang isang manager ay dapat makipag-ugnayan sa PGT kung:

- ang isang adult ay kailangang magdesisyon sa pagpasok o patuloy na manatili sa care facility at ang adult na ito ay naaseso na walang-kakayahang makapag-desisyon;
- walang sinumang, nakahanda at kwalipikadong kapalit na tagapagdesisyon; o
- mayroong pagtatalo sa pagitan ng magkaranggong mga kapalit kung sino ang pipiliin.

### Ano ang tungkulin ng PGT kung makipag-ugnayan sa kanila ang isang manager?

Kapag nakipag-ugnayan sa kanila, ang PGT ay maaaring:

- pahintulutan ang isang nakahanda at kwalipikadong tao na magdesisyon para sa pagpasok sa care facility; o
- umakto bilang kapalit na tagapagdesisyon upang magpasya sa pagpasok sa care facility.

### Kailan pipiliin ng PGT ang taong magiging kapalit na tagapagdesisyon?

Kinikilala ng PGT na ang mga taong pinakamalapit sa adult ay ang madalas na nagbibigay ng pinakamahusay na pangangalaga. Kinikilala din ng PGT na ang desisyon sa pagpasok ng isang adult sa care facility ay may malaking epekto sa adult na ito at kanyang pamilya sa oras ng pagdedesisyon at sa hinaharap. Maaaring magpasya ang PGT na pumili sa pagitan ng mga magkaranggong miyembro ng pamilya upang awtorisahan ang isang kapalit na tagapagdesisyon.

### Kailan umaakto ang PGT bilang kapalit na tagapagdesisyon?

Ang PGT ay umaakto bilang kapalit na tagapagdesisyon kung:

- hindi malinaw kung sino ang pipiliin sa pagitan ng magkaranggong mga kapalit; o
- ang adult ay walang sinumang taong handa at kwalipikadong magdesisyon para sa pagpasok sa care facility.

Bilang kapalit, ang PGT ang siyang may responsibilidad para ipatupad ang mga tungkulin ng kapalit na tagapagdesisyon at magpapasya para sa pinakamabuting kapakanan ng adult. Maaaring kabilang dito ang mga desisyon kung saan maaaring hindi sumang-ayon ang adult.

### Ano ang mga unang hakbang na ginagawa ng PGT bilang kapalit na tagapagdesisyon para sa pinakamabuting kapakanan ng adult?

- humiling ng mga kaugnay na dokumento at impormasyong kinakailangan upang makapag-desisyon tulad ng impormasyon sa medikal na kalagayan ng adult, mga kahilingan, hilig, pinansya, kultura at katayuang panlipunan;
- kumunsulta sa adult at sinumang pamilya at mga kaibigan na nais tumulong, maaaring kabilang dito ang pagbisita sa adult at /o ang iminungkahing care facility;
- isaalang-alang kung ang care facility ay ‘di gaanong mapanghimasok, mas makakatugon sa pangangailangan ng adult o kung may iba pang naaangkop na mga opsyon;
- magsaliksik at iaseso ang care facilities na iminungkahi ng manager na maaaring pinakamahusay na makatutugon sa pangangalaga at personal na mga pangangailangan ng adult at;
- kumunsulta sa sinumang namamahala sa pinansya ng adult upang matukoy kung ano ang kayang bayaran ng adult. Sa ilang mga pagkakataon, ang PGT ay maaaring maging committee of estate ng adult; at
- magmungkahi ng desisyon sa manager kabilang ang pahintulot sa isa o higit pa na napiling care facilities.

### Ano ang mga hakbang na ginagawa ng PGT kapag inabisuhan na ang napiling care facility para sa adult ay available na, o hindi pa available?

- muling kumpirmahin na ang pagpasok sa facility na iyon ay nananatiling pinakamahusay na opsyon para matugunan ang mga pangangailangan ng adult at wala nang iba pang mas mabuting pagpipilian; at
- maaaring magbigay ng pahintulot para sa isang pansamantalang care facility habang hinhintay ang mas gustong residence, kung mas makabubuti sa adult.

### Ano ang iba pang mga tungkulin na maaaring gampanan ng PGT?

Ang PGT ay maaaring umakto bilang pansamantalang kapalit na tagapagdesisyon para sa adult kung walang sinumang tao na nakahanda at kwalipikado. Ang PGT ang siyang magpapasya para sa anumang mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan na kailangang gawin alinsunod sa mga batas para sa pahintulot sa pangangalaga sa kalusugan kung ang adult ay walang-kakayahang gawin ito. Ito ay isang hiwalay na proseso sa proseso ng pagpasok sa care facility.

Ang PGT ay maaari ring magsimula ng isang pinansyal na imbestigasyon kapag mayroong mga pag-aalala na walang-kakayahan ang adult na pamahalaan ang kanyang pinansya at walang naatasan na gawin ito.

### Ano ang tungkulin ng PGT sa isang emergency admission?

Kung napatunayan na ang sitwasyon ay isang emergency, ang PGT ay maaaring magbigay ng maikling panahon na pahintulot upang masiguro ang kaligtasan ng adult habang isinasagawa ang kanilang karaniwang imbestigasyon.

### Ano ang magagawa ng PGT kung ipahayag ng adult na nais nitong umalis sa facility?

Kung hiniling sa PGT na magdesisyon tungkol sa patuloy na paninirahan sa isang facility, parehong tungkulin ang ginagamit para magdesisyon sa pagpasok. Kakausapin ng staff ang adult upang matukoy ang dahilan kung bakit nais nito na umalis at matukoy ang isang ‘di- gaanong mapanghimasok na opsyon, maaaring imungkahi ang ibang care home o iba pang uri ng suporta.

### Anong mga desisyon ang <u>hindi</u> magagawa ng PGT bilang kapalit na tagapagdesisyon para sa pagpasok sa facility?

Bilang kapalit na tagapagdesisyon, ang PGT ay maaari lamang gumawa ng desisyon kaugnay ng pagpasok sa care facility at patuloy na residence doon. Ang kapangyarihang ito ay hindi nagbibigay ng pahintulot sa kapalit upang magdesisyon tungkol sa:

- pera ng adult - ang desisyon sa pagpasok sa facility ay hindi nangangahulugan na ang PGT rin ang magdedesisyon sa pagbayad ng mga bayarin sa residential care (bagama’t ang PGT ay maaaring hiwalay na italaga upang gumawa ng kinakailangang pinansyal na mga desisyon);
- pagbabahagi ng impormasyon;
- mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan (kahit na maaaring gawin ito bilang pansamantalang kapalit na tagapagdesisyon alinsunod sa mga batas para sa pahintulot sa pangangalaga sa kalusugan); at
- ang paggamit ng mga pampigil o restraints.

### Mayroon bang babayaran kapag ang PGT ay umaakto bilang kapalit na tagapagdesisyon?

Wala, ang PGT ay hindi sumisingil ng bayad o fees para sa mga pagbibigay ng pahintulot o umaakto bilang kapalit ng tagapagdesisyon sa pagpasok sa care facilty.

### Paano kung ang isang tao ay hindi sumasang-ayon sa desisyon na ginawa ng PGT ukol sa pagpasok sa care facility?

Bukod sa mga nabanggit na sa itaas, ang PGT ay may internal na proseso para sa pagsasampa ng mga reklamo. Para sa karagdagang impormasyon, magtanong sa Regional Consultant o bisitahin ang aming website sa **www.trustee.bc.ca/pages/feedback.aspx**.

Kung hindi ka nasiyahan sa sagot ng PGT sa iyong reklamo, maaari mong idirekta ang iyong mga pag-aalala sa BC Ombudsperson sa pagtawag sa 1.800.567.3247 o sa pagbisita sa **www.bcombudsperson.ca.**

# Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

## Personal Decision Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

| | |
|---|---|
| LOCAL PHONE | **604 660 4507** |
| TOLL FREE PHONE | **1 877 511 4111** |
| LOCAL FAX | **604 660 9479** |
| TOLL FREE FAX | **1 855 660 9479** |
| EMAIL | **AIS-PDS@trustee.bc.ca** |


## Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

| | |
|---|---|
| VANCOUVER | **604 660 2421** |
| VICTORIA | **250 387 6121** |
| IBA PANG LUGAR SA BC | **1 800 663 7867** |
| EMAIL | **mail@trustee.bc.ca** |
| WEBSITE | **www.trustee.bc.ca** |

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am - 4:30pm.*

**Mahalagang paalaala:** Ang publikasyong ito ay ibinabahagi ng Public Guardian and Trustee of British Columbia. Tinutukoy nito ang mga legal na kinakailangan ngunit hindi ito isang legal na payo. Ito ay pangkalahatang impormasyon lamang at hindi kapalit ng legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na payo na may kaugnayan sa pagpasok sa care facility, makipag-ugnayan sa isang abogado o notaryo o iyong local community law office.